# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## CBS300 Heroes and Judges

### CBS307 Hukom Othniel to Deborah
**Conrad Jun Tolosa**

### *Panimula*

Pagkamatay ni Joshua, ang mga lipi nina Judah at Simeon ay nagtulungan upang masakop ang mga lugar na inilaan para sa kanila ng Panginoon. Tinulungan sila ng Panginoon na matalo ang mga Canaanites at Perizzites. Nasakop ng lipi ni Judah ang Jerusalem at Hebron. Ang matagumpay na military campaign ng Israel ay dahil sa kapangyarihan ng Diyos na nasa likuran ng kanilang kalakasan. Subalit nang maging mas makapangyarihan na ang mga Israelita, nalimutan na nila ang kalooban ng Diyos na paalisin ang lahat ng mga sumasakop ng mga lupain na kanilang minana mula sa Panginoon. Halimbawa, hindi na nila pinaalis ang mga Canaanites ngunit sapilitan nilang pinagtrabaho ang mga ito bilang mga alipin.

Nang yumao na ang henerasyon ni Joshua, ang mga Israelita ay naglingkod at sumamba sa mga Baal o diyos-diyosan at tinalikuran ang Panginoon na nagligtas sa kanila mula sa kanilang pagkaalipin sa Egypt. Ito ang nag-udyok ng galit ng Panginoon kaya ibinigay Niya ang mga ito sa kamay ng kanilang mga kaaway sa tuwing sila ay nakikipagdigma.

### *Ang Pangunguna ng mga Hukom (1358 – 1010 BC)*

Nagluklok ng mga hukom ang Panginoon para sa Israel. Ang mga hukom ang magliligtas sa kanila sa kapangyarihan ng mga sumasakop sa kanila. Sa tuwing mayroong mga hukom na nangunguna sa kanila, sila ay naliligtas sa kamay ng kanilang mga kaaway. Subalit kapag namatay na ang hukom, ang mga Israelita ay bumabalik sa pagsamba sa mga diyos-diyosan. Ganito ang naging cycle of life nang panahon ng mga hukom.

Hinayaan ng Panginoon na may mga nasyon na hindi pinaalis sa Canaan upang subukin ang mga Israelita kung sila ay susunod nga sa Kanyang mga pinag-uutos. Ang mga Canaanites, Hitites, Amorites, Jebusites, Perizzites at Hivites ay namirmihang kasa-kasama nila. Ang kinauwian ng co-habitation na ito ay sumamba ang mga Israelita sa mga diyos-diyosan ng mga lahing ito na siyang naging dahilan upang sila ay dumanas ng kahirapan.

### *Ang Mga Hukom*

Puro kasamaan ang ginagawa ng mga Israelita at sila ay patuloy na naglilingkod sa mga Baal, kaya ito ang nag-udyok ng galit ng Diyos. Dumating ang panahon na sila ay hinayaan ng Panginoon na mapasa-kamay ni Cushan, ang hari ng Mesopotamia. Nang dumaing ang mga Israelita dahil sa dinaranas nila sa kamay ni Cushan, ipinadala ng Panginoon si *Othniel (#1)* na pamangkin ni Caleb upang sila ay iligtas sa kamay ni Cushan. Sa pangunguna ni Othniel, nagkaroon sila ng kapayapaan at natalo nila ang hari ng Mesopotamia.

Nang mamatay si Othniel, bumalik na naman sila sa kanilang masamang gawain. Dahil dito, 18 years silang sinakop ni Haring Eglon ng Moab. Subalit nang muli silang humingi ng tulong sa Panginoon, ginawa ng

Lord na hukom si *Ehud (#2)* na mula sa lipi ni Benjamin. Nang dalhin ni Ehud ang mga buwis ng Israel kay Haring Eglon, iyon ang kanyang naging pagkakataon upang wakasan niya ang pananakop ng hari. Sinaksak ni Ehud sa tiyan ang hari. Nang panahon ni *Hukom Shamgar (#3)* na anak ni Anath, nakatala na pumatay siya ng 600 Philistines sa pamamagitan lamang ng ox goad at iniligtas din niya ang Israel.

Nang mamatay si Ehud, ang bayang Israel ay nagbalik na naman sa dating gawi. Kaya hinayaan ng Panginoon na masakop sila ni Jabin, ang Canaanite king ng Hazor. Si Haring Jabin ay may 900 chariots na bakal at si Sisera ang pinuno ng kanyang hukbo. Pinagmalupitan at inapi niya ang Israel sa loob ng 20 years. Kaya't ang mga Israelita ay muli na namang humingi ng tulong sa Panginoon.

Si *Propeta Deborah (#4)* ay nagsisilbing hukom ng Israel nang panahong iyon. Ipinatawag niya si Barak upang sabihin sa kanya na inuutusan siya ng Panginoon na labanan ang pangkat ni Sisera. Ngunit ayaw pumunta ni Barak kung hindi kasama si Deborah. Kaya nagpasiya si Deborah na sumama subalit sinabi niya kay Barak na wala siyang makukuhang karangalan sapagka't si Sisera ay ibibigay sa kamay ng isang babae.

Dumating ang sandali ng digmaan. Walang nagawa ang hukbo ni Sisera at ng kanyang 900 chariots sapagkat ang Lord ang lumaban sa likuran ng ten thousand soldiers ni Barak. Tumakas sa labanan si Sisera at nakarating siya sa sa tent ni Jael na asawa ni Heber na may magandang relasyon kay Haring Jabin. Binigyan ni Jael ng blanket si Sisera para panaklob at pinainom ng gatas. Nang makatulog si Sisera, siya ay pinukpok ni Jael ng tulos sa noo. Natupad ang sinabi ni Deborah na sa kamay ng isang babae mamamatay si Sisera.

Katulad ng dati kapag bumuti na ang buhay, ang mga Israelita ay muli na namang gagawa ng kasamaan sa harapan ng Panginoon. This time, hinayaan ng Diyos na sakupin ang mga Israelita ng mga Midianites sa loob ng pitong taon.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang dahilan ng matagumpay na pagsakop ng mga Israelita sa mga lupang pangako bagamat wala na si Joshua upang pangunahan sila?
   a. Dahil sa magaling na military strategy ng hukbo nila.
   b. Dahil sa tulong ng mga Gibeonites na kanilang mga kakampi
   c. Dahil sa kapangyarihan ng Diyos na nagbigay sa kanila ng kalakasan upang magtagumpay.

2. Ano ang nag-udyok ng galit ng Panginoon sa bayang Israel para matalo ang mga ito tuwing nakikipagdigmaan?
   a. Ang hindi nila pagsasakatuparan ng mga inutos ni Joshua.
   b. Ang kanilang pagsamba at paglilingkod sa mga Baal o diyos-diyosan.
   c. Ang kanilang pakikipagtipan sa mga hari na kanilang kaaway.

3. Ano ang pagkakatulad ng ilang bahagi ng kwentong ito sa naganap sa mga Israelita noong nasa Egypt pa sila?
   a. Naaalala lamang ng mga Israelita na tumawag sa Diyos sa tuwing sila ay nakakaranas ng kahirapan.
   b. Nagpapasalamat sila sa Panginoon sapagkat sila ay ginagabayan sa lahat ng kanilang ginagawa.
   c. Nakakaranas sila ng magandang buhay bunga ng kanilang pagsunod sa Diyos.

4. Ano ang cycle na matutunghayan sa mga Israelita mula sa unang bahagi ng aklat ng Hukom na iyong binasa?
   a. Pagdaing sa Diyos sa tuwing maayos ang kanilang kalagayan at unti-unting pagkalimot sa Kanya habang lalong nagiging maunlad ang katayuan.
   b. Pagdaing sa Diyos sa tuwing sila ay nahihirapan at ang pagkalimot at pagbalik sa dating gawain sa tuwing maayos at payapa ang kanilang buhay.
   c. Pagdaing sa Diyos ng panibagong tagapanguna at pagpapasalamat sa Kanya sa tuwing maayos at maunlad ang pamumuhay.

5. Piliin ang tamang statement.
   a. Ang mga hukom ay mga taong niluklok ng mga Israelita upang manguna sa kanila sa pakikipaglaban.
   b. Ang mga hukom ay mga tribe leaders na pinili ni Joshua upang maging tagapanguna sa mga Israelita bilang kahalili niya.
   c. Ang mga hukom ay mga taong niluklok ng Diyos na magsalita at manguna sa mga Israelita sa Kanyang ngalan.

© Revised July 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.